


### Mga Nakatutuwang Katotohanan

1. Ang 1915 Bee-Hive handbook ay nagtulot sa mga kabataang babae na pumili ng mga proyekto mula sa mahigit 300 iba't ibang pagpipilian. Kabilang sa mga proyektong ito ang pangangalaga sa isang pulot-pukyutan sa buong panahon, na pinananatiling walang langaw ang bahay sa loob nang dalawang linggo, o pagtatanggal ng sagebrush sa hindi kukulangin sa kalahating akre ng lupa.[12]



2. Ang mga Bee-Hive Girls noon ay nagsusuot ng uniporme na dinisenyo ng bawat lokal na samahan, at noong 1922, ginto at berde ang naging opisyal na kulay ng Mutual Improvement Association.[13]



3. Ang pangalang Beehive ay nagmula sa mga pioneer, na nakita ang bahay-pukyutan bilang simbolo ng trabaho at pagkakasundo. Ang Mia Maid ay nagmula sa acronym ng Mutual Improvement Association na MIA. Ang pangalang Laurel ay tumutukoy sa korona ng laurel, na nangangahulugan ng karangalan at tagumpay.[14]



4. Sa pagitan ng mga 1940s at 1960s, ang mga kabataang babae ay maaaring makatanggap ng mga sagisag na itinahi nila sa isang felt band na tinatawag na bandelo, na suot nila sa kanilang dibdib. Ang isang kailangan upang makamit ang isang sagisag ay "sikaping matulog nang buong siyam na oras na pampaganda bawat gabi sa buwang ito."[15]



5. Ang bilang ng mga miyembro ng Simbahan ay nadagdagan, mula sa mga 110,000 tao noong 1870[16] ay naging mahigit 16 na milyong tao sa 2020[17]—isipin ninyo kung gaano karami ang mga kabataang babae sa buong mundo ngayon!

## 2020



**Pangalan:** Ang pangalan ay nananatiling organisasyon ng Young Women.

**Organisasyon at mga Klase:** Ang mga klase ay inorganisa sa bawat ward o branch ayon sa mga pangangailangan nito at kinilala sa pamamagitan ng nagkakaisang katawagan na "Young Women" (halimbawa, "Young Women 12," "Young Women 12–15," o basta "Young Women" lang kung lahat sila ay sama-samang nagtitipon).




**Pagpapabuti at Pagkilala:** Pinapalitan ng Mga Bata at Kabataan ang programang Pansariling Pag-unlad. Naghihikayat ang bagong programa ng personal na mga pagkakataon upang umunlad sa mga aspeto ng Personal na Pag-unlad, Pag-aaral ng Ebanghelyo, at Paglilingkod at mga Aktibidad.[11]




**Mga Magasin at Journal:** Ang magasin na *New Era* para sa mga kabataan ay malapit nang magdiwang ng ika-50 anibersaryo nito. ■



MGA TALA


1. Tingnan sa "Timeline of Young Women History," history.ChurchofJesusChrist.org/landing/a-brief-timeline-of-young-women-history.
2. Tingnan sa "Young Women's Timeline," *Mormon Women's Studies Resource*, Harold B. Lee Library, Brigham Young University, Provo, Utah, mormonwomen.lib.byu.edu/young-womens-portal/young-women-timeline.
3. Tingnan sa "History of Young Women Recognition," history.ChurchofJesusChrist.org.
4. Tingnan sa "Young Women's Timeline."
5. Tingnan sa "Young Women's Timeline."
6. Tingnan sa "Young Women's Timeline."
7. Tingnan sa "Young Women's Timeline."
8. Tingnan sa "Young Women's Timeline."
9. Tingnan sa "New Young Women Value: Virtue," Dis. 9, 2008, thechurchnews.com.
10. Tingnan sa "Young Women's Timeline."
11. Tingnan sa ChildrenAndYouth.ChurchofJesusChrist.org.
12. Tingnan sa "History of Young Women Recognition."
13. Tingnan sa "History of Young Women Recognition."
14. Tingnan sa "Young Women Classes and Symbols," ChurchofJesusChrist.org/young-women/personal-progress.
15. Tingnan sa "History of Young Women Recognition."
16. Tingnan sa "The Annual Report of the Church," *Ensign*, Hulyo 1972, 131–33.
17. Tingnan sa "Worldwide Statistics," newsroom.ChurchofJesusChrist.org/facts-and-statistics.


# Ang Pagtulong ni Haven



Nagpasiya si Haven, 14 na taong gulang na taga-Utah, USA, na ipagdiwang ang pagiging isang young woman sa Simbahan sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba.

"Nagsimula ito bilang isang munting ideya," sabi niya. "Nagpunta ang tito ko sa Bangladesh para sa isang humanitarian trip at napag-alaman niya ang mga hirap na pinagdaraanan doon ng mga tao. Ginusto ko ring tumulong sa kanila—kaya tumingin ako sa JustServe app at nakakuha ako ng ideya na gumawa ng mga homemade kit para sa mga refugee doon."

Nangolekta si Haven ng mga donasyon sa kanyang paaralan, lumikha ng isang GoFundMe page, at tumulong pang ilabas ang mga basurahan ng mga kapitbahay nila para makalikom ng pera para sa mga kit. "Naglalabas ako ng mga 22 basurahan at 11 recycle can tuwing Lunes at Martes," sabi niya. "Karaniwan ay ginagamit ko ang kinikita ko para sa aking choir program at upang makaipon para sa aking misyon, pero nagpasiya akong gamitin ang aking pondo sa buwang iyon para ipambili na lang ng mga kagamitan."

Lumabas si Haven at binili niya ang lahat ng gamit na kailangan niya para sa mga kit, kabilang na ang mga medyas, guwantes, bandana, at sumbrero. Binuo niya ang bawat kit at nakipag-ugnayan sa direktor ng Lifting Hands International para maipadala ang mga kit sa Bangladesh.

"Halos lahat ng oras ko sa aking proyekto, nagamit ko sa pagbuo ng mga kit. Ngunit tuwing maglalagay ako ng isang piraso sa kit, alam ko na mapupunta iyon sa isang taong nangangailangan at na mabibiyayaan sila nito nang matagal."

Sa pagtatapos ng kanyang proyekto, nadama ni Haven na lumakas ang kanyang tiwala sa kakayahan niyang maglingkod. "Natutuhan ko mula rito kung gaano kalaki ang maitutulong ko kung gagawin ko ang lahat ng aking makakaya. Nahabag din ako sa mga taong tinutulungan ko, na tumulong sa akin na mas mapalapit sa Tagapagligtas at madama nang kaunti ang nadarama Niya para sa atin."

Sa pagdiriwang natin ng anibersaryo ng organisasyon ng Young Women, matatandaan ng bawat isa sa atin na tayo ay mga halimbawa ni Cristo. Tulad ni Haven, malaki ang maitutulong natin sa iba kapag ginawa natin ang lahat ng ating makakaya na maglingkod na katulad Niya. ■